

Paninigarilyo sa lansangan: Bawal na sa Kawasaki

路上喫煙の防止に関する条例



Nag-umpisa na ang pagpapatupad ng bagong regulasyon laban sa paninigarilyo sa lansangan sa buong siyudad mula Abril ng taong kasalukuyan. Ang ordinansang ito ay naglalayong protektahan ang mga taong naglalakad mula sa pagkapaso maging sa pagkasunog ng damit kung kaya't ipinagbawal ang paninigarilyo habang naglalakad saan mang lugar sa loob ng Siyudad ng Kawasaki.

Ang pagpapatupad ay epektibo sa lahat ng dako sa paligid ng mga pangunahing istasyontulad ng mga sumusunod: Kawasaki, Musashi-Kosugi, Musashi-Mizonokuchi, Saginuma at Shin-Yurigaoka. Sa mga lugar na ito, ang sinumang matatagpuang naninigarilyo sa labas ng nakatalagang lugar ng panigarilyuhan ay magmumulta mula nitong buwan ng Oktubre.

Samantalang ang mga taong mahuhuling naninigarilyo sa daan ay bibigyan ng babala, papupuntahin sa pinakamalapit na smoking area. Halimbawang hindi ito binigyang pansin o binalewala at nagpatuloy sa paninigarilyo, pagmumultahin ng 2000 yen. Sa iba pang impormasyon ukol sa ordinansang ito, makipag-ugnayan sa Citizen Affairs Bureau, Community Affairs Department (The Shimin-Kyoku Chiiki Seikatsu-ka) 044-200-2284.


Bagong sangay ng Silid-Sanggunihan para sa mga dayuhan

外国人の相談窓口の増設

Bilang karagdagan sa serbisyo na ibinibigay ng Kawasaki International Center, ang mga residenteng dayuhan ay maaaring makinabang ng libreng konsultasyon sa Kawasaki Ward Office at Asao Ward Office. Makakamit sa iba't-ibang wika ang serbisyong pagbibigay-payo tungkol sa mga problemang pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang iskedyul ng serbisyo para sa iba't-ibang lugar ay ang mga sumusunod: **Kawasaki International Center:**

- Intsik: Martes, Miyerkoles at Biyernes
- Tagalog: Martes at Miyerkoles
- Kastila: Martes at Miyerkoles
- Ingles: Lunes hanggang Sabado
- Koryano: Martes at Huwebes
- Portugis: Martes at Biyernes



Ang konsultasyon sa lahat ng araw ay mula alas 10 ~ 12 at ala-1 ~ 4 ng hapon.

Sa mga Sangay: Kawasaki Ward Office

- Intsik: ika-una at pangatlong Martes ng bawat buwan 2 : 00 ~ 4:30
- Tagalog: ika-una at pangatlong Miyerkoles ng bawat buwan 9:30 ~ 12 : 00
- Ingles: ika-una at pangatlong Huwebes ng bawat buwan 2:00 ~ 04 : 30

Asao Ward Office

- Intsik: ika-una at pangatlong Martes ng bawat buwan 9:30 ~ 12 : 00
- Tagalog: ika-una at pangatlong Miyerkoles ng bawat buwan 2:00 ~ 4 : 30
- Ingles: ika-una at pangatlong Huwebes ng bawat buwan 9:30 ~ 12 : 00

Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan sa Kawasaki International Association:

044-435-7000





Koleksyon ng basura:binago



来年4月からごみの収集が3日になる

Ang iskedyul ng pangungolekta ng mga ordinaryong basura sa Siyudad ng Kawasaki ay magbabago mula 4 beses sa 3 beses sa isang linggo. Ang pagbabagong ito ay makakatulong upang mabawasan ang bigat ng trabaho ng mga basurero sa buong linggo at upang maging mas mahusay ang sistema ng pangungolekta ng basura.

Dagdag dito, magbabago rin ang paraan ng pagbubukod-bukod ng mga basura:mga sobre,karton ng cake at mga papel ng opisina at magaanng karton ay maibubukod sa kategoryang "mixed paper" at iipuning hiwalay sa ordinaryong basura.Bukod pa dito, mababawasan ng 20 porsiyento ang bilang ng mga sasakyan nangungolekta ng basura.


Ang mga pagbabagong ito ay kabilang sa pagsisikap ng Siyudad na bawasan ang bilang ng ginagamit na makinang pangsunog ng basura, at upang mabawasan ang dami ng abo o pinagsunugan. Inaasahan ang pakikipagtulungan ng lahat sa pagbabagong ito.

Ipamimigay sa bawat tahanan ang mga leaflets na nagpapaliwanag ng mga bagong iskedyul, bagong patakaran at magkakaroon din ng presentations sa mga pagtitpon ng mga komyunidad sa Siyudad. Matatagpuan ang bagong impormasyon sa binagong sistema ng Kawasaki City sa mismong home page nito.

Mula ngayon maaari na ring dumirekta ng tawag sa mga katanungang nauukol sa pagbabago ng pangungolekta ng basura sa Kawasaki City Environment Protection Bureau's Waste Management Policy Office (KANKYO-KYOKU HAIKIBUTSU SEIKATSU TANTO) 044-200-2558.

May problema ka? Tawag na o magsadya sa:

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki



Silid - Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Wikang Kastila: Martes at * Huwebes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

* Mula ika-1 ng Septyembre, malilipat ang araw ng Huwebes ng wikang Kastila sa araw ng Miyerkoles

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/